

## Ang Pampletong Ito Ay Mababasa Rin Ninyo Sa. . .

- Insik (Cantonese)      Chuukese      Hawaiian
- Ilokano                      Hapon      Koreano
- Mandarin                  Marshallese      Samoan
- Espanyol (Spanish)      Tagalog      Tongan
- Bisaya                      Vietnamese

Kung gusto ninyong magkaroon ng mga kopya ng pampletong ito, maaari ninyong tawagan ang inyong paaralan, Mga Tumutulong sa mga Walang Tirahan (Homeless Concerns Liaisons), o sa Tanggapan ng Estado na Tumutulong sa mga Walang Tirahan (State Homeless Concerns Office).

**Para sa mga karagdagang impormasyon at mga katanungan tungkol sa Batas McKinney-Vento, maaari ninyong tawagan ang:**

### Mga Tumutulong sa mga Walang Tirahan

Hawaii (Hila) .....	808-933-2920
Hawaii (Kana) .....	808-327-4991
Oahu .....	808-305-9869
Maui, Molokai, Lanai .....	808-984-8001
Kauai.....	808-241-3120

O kung may problema ka sa pandinig, maaari mong iparating ito sa


**Tanggapan ng Mga Tumutulong sa mga Walang Tirahan 808-305-9869**

**Walang Bayad na Numero 1-866-927-7095**



\*Batas McKinney-Vento sa Taong 2001 Tungkol sa Karagdagang Benepisyo Para sa Pag-aaral ng mga Walang Tirahan

# Ang Iyong Karapatan sa ilalim ng Batas McKinney-Vento\*



## Kung Ikaw Ay . . .

- Nakikitira sa iyong mga kaibigan o kapamilya dahil wala kang pambayad ng upa;
- Naninirahan sa aplaya, sa lugar na maaari kang magkamping, sa parke, o sa isang hotel;
- Naninirahan sa loob ng isang tolda, sa kotse, bus, o sa ibang temporaryong tirahan;
- Naninirahan sa pang-emerhensiya o panandaliang tirahan;
- Naninirahan sa isang tirahan para sa mga nabubugbog o biktima ng bayolensiya sa tahanan;
- Naninirahan sa alin man sa mga sumusunod:

Kauai: Kauai Economic Opportunity Shelter, Manaolana,

Hawaii: Ka Hale O Kawaihae,  
Tanggapan para sa Ministri Sosyal (Office for  
Social Ministries),

Maui: Ka Hale A Ke Ola, Na Hale O Waianae,

Oahu: Family Promise, Institute para sa mga  
Serbisyong Pantao (Institute for Human Services)  
(IHS), Loliana, Maililand, Next Step, Ohana  
Ola O Kahumana, Onemalu, Hope for a New  
Beginning, Waianae Civic Center, Weinberg  
Village Waimanalo, Tirahan sa Parola  
(Lighthouse Shelter);

- Walang siguradong matutuluyan sa gabi;
- Naghihintay ng pamilyang mag-aalaga sa iyo.

## Kung Ganoon Ay...

Ang iyong anak ay **maaaring** kuwalipikadong tumanggap ng ilang karapatan at serbisyong edukasyonal sa ilalim ng Batas McKinney-Vente.

## Kasama Ito sa mga Karapatan ng Iyong Anak . . .

- **Madali Siyang Makapaglista sa Paaralan . . .**
  - Ang karapatan na ipagpapatuloy ang kanyang pag-aaral sa eskwelahang pinapasukan bago nawalan ng tirahan ang kanyang nga magulang o sa eskwelahang malapit sa aktuwal na tinitirhan ninyo;
  - Ang karapatan na magsampa ng hinaing kung taliwas sa iyong opinyon ang ano mang desisyon tungkol sa pagkaka-enrol ng iyong anak.
- **Mga Iba Pang Serbisyo . . .**
  - Ang karapatan na mabigyan ng iba pang serbisyo, halimbawa ng tinatawag nilang "comparable services" na tinatanggap ng iba pang mga estudyante; at
  - Ang karapatan na maihatid papunta at pabalik sa paaralang pinapasukan noong may tirahan pa ang mga magulang, kung pupuwede ito sa Departamento ng Edukasyon.
- **Kabilang Dito ang Mapagpipiliang Serbisyo ng Transportasyon. . .**
  - Libreng pagsakay sa mga pampublikong bus;
  - Maisasauli ang nagastos sa paggamit ng ibang sasakyan;
  - Pagsundo at paghatid mula sa isang lugar hanggang sa paaralan at pabalik; kung pupuwede; at/
  - Babaguhin ang rota ng bus.

**Hindi mo matiyak kung ang iyong anak ay kwalipikadong tatanggap sa mga nasabing serbisyo?**

**Upang ikaw ay matutulungan, maaari mong tawagan ang Tanggapan ng mga Tumutulong sa mga Walang Tirahan sa ilalim ng Departamento ng Edukasyon sa 305-9869 o (libreng numero) 1-866-927-7095.**

*Ang lahat na makalap na impormasyon ay gagamitin lamang para sa /ayuning makapaghatid ng mga serbisyong pang-edukasyon alinsunod sa McKinney-Vento at ang mga ito ay pangangalagaan ng mga batas pang-estado at pederal.*